Republic of the Philippines
Department of Agriculture
**PHILIPPINE RURAL DEVELOPMENT PROJECT**
**MIMAROPA Regional Project Coordination Office**
3F, Agricultural Training Institute (ATI) Building, Elliptical Road, Diliman, Quezon City 1101, Philippines
(028) 332-8738 • prdp.rpco4b@gmail.com • www.daprdp.net

**REGIONAL PROJECT ADVISORY BOARD**
**BUSINESS MEETING**
Via Teleconference (Zoom)
December 17, 2021

I. Regional Project Advisory Board (RPAB) members:

**RED Antonio Gerundio, CESO III, DPA**
Department of Agriculture – MIMAROPA

**RED Joel Valera, CESO III**
Department of Trade and Industry – MIMAROPA

**Cesar Odi (representing RED Ma. Lourdes G. Ferrer, CESO III)**
Department of Environment and Natural Resources – MIMAROPA

**PDMU Chief Lorenzo Suarez (representing RED Wilhem Suyko, CESO IV)**
Department of Interior and Local Government – MIMAROPA

**Engr. Melvin Ethel Tirao (representing RED Marvin Bernal)**
Department of Agrarian Reform - MIMAROPA

**Chairman Alfonso Esguerra, Jr.**
Regional Agricultural and Fishery Council – MIMAROPA

II. The RPAB business meeting began at 09:15AM with a prayer and roll call of attendees from the RPAB members to the technical consultants present, and representatives from the proponent groups and participating local government units.

RED Gerundio first welcomed the participants and also gave a short message on the importance of the projects that will be presented for approval, particularly at this time when there is really a need to provide alternative forms of livelihood to our farmers and fisherfolk.

As the MIMAROPA RPAB Chairman, RED Gerundio then presided over the entire business meeting.

III. Subprojects presented to the RPAB:

**A. Municipality of Sta. Cruz, Marinduque**

**Title: Marinduque Swine Meat Processing**
**Cost: Php 14,717,975.94**
**Proponent Group: Farm Operators of Marinduque Multi-Purpose Cooperative**
**Presented by: Mr. Venchito Murillo, PG General Manager**

| Comments/Issues | Response/Action Taken |
|---|---|
| RED Valera (DTI): Sufficient ba ang raw materials dyan sa Marinduque? | Venchito Murillo (PG): Yes, Sir. Based sa aming study, ang amin pong source ng baboy ay mula po sa aming miyembro ng cooperative. Sila po yung pagkukunan namin ng supply ng pork. At the same time po, may business rin po ang aming cooperative na lending so sa halip po na sa iba po ibenta ng aming mga miyembro yong produce nila na pigs, cooperative na rin po ang bibili ng kanilang produce na baboy para po ma-sustain yung aming project na meat processing. |
| RED Valera (DTI): Yung inyong building ba, yung production area nyo ay aligned sa FDA requirement? | Venchito Murillo (PG): Yes, Sir. |
| RED Valera (DTI): Ano ang flooring nyo? Ang production nyo ba sa production area ay tiles? | Venchito Murillo (PG): Yes, Sir. |
| RED Valera (DTI): Eh di hindi kayo compliant kung naka-tiles kayo. Yung inyong wall ba ay angled sa flooring? | Ralph Manuel (I-BUILD): Opo, naka-cove finish po yung mga connections ng walls to floor. |
| RED Valera (DTI): Naka-angle ba? | Ralph Manuel (I-BUILD): Yes po, naka-cove finish po yun. |
| RED Valera (DTI): Naka-tiles? Kung naka-angle ang wall at ang flooring ay naka-tiles, hindi kayo compliant sa FDA. Yan ang isang requirement ng FDA. Sino ang nag-design ng production area? | Venchito Murillo (PG): 'Yung sa flooring po, hindi po sya tiles, parang rough lang po yung flooring. |
| RED Valera (DTI): Sabi nyo sa presentation mayroon na kayong FDA permit, ano ang FDA permit nyo? Ano ang registration nyo sa FDA? | Daisy Nazarrea (I-REAP): Yung FDA permit po na nakalagay ay proposal pa lang po yun. Sorry po bale po maga-apply pa lang po kami. |
| RED Valera (DTI): Kung titingnan nyo ang produkto nyo, diba maglalagay pa kayo ng | Ralph Manuel (I-BUILD): Clarification lang po, yung regarding |

| | |
|---|---|
| label, hindi kayo pwede maglagay ng label kung wala kayong FDA permit.<br><br>Dalawa kasi ang registration sa FDA: isang license to operate para sa cooperation, at yung isa ay commodity product registration para sa product.<br><br>Kung wala kayong LTO, License To Operate, ang benta nyo lang ng produkto nyo ay sa palengke at sa terminal. Hindi kayo tatanggapin sa mga supermarket.<br><br>Kung kayo ay mage-export, dapat meron kayong commodity product registration. At yung inyong packaging at labeling ay dapat naaayon sa international packaging and labeling standard.<br><br>Sa inyong presentation, yung FDA registration nyo, wala kayong gastos sa laboratory. Dapat meron kayong nakalagay sa laboratory expenses. Dapat meron rin kayong nakalagay dyan sa presentation na bar coding registration.<br><br>Sana nakipag-coordinate muna kayo sa DTI para makita yung tamang proseso at tamang paggawa kasi halimbawa nag-apply kayo ng LTO sa FDA, at yung building nyo ay hindi compliant, hindi yan tatanggapin ng FDA. Kasi alam nyo yung angle pati bintana kung nakalabas yung pinakang poste sa wall, yan ay disapprove ng FDA. Dapat dyan ay medyo naka-slope sya, naka-slide sa wall at sa flooring.<br><br>Tapos kunwari approved na kayo ng FDA, yung label nyong ipapagawa at yung inyong packaging, dapat susunod rin sa international labeling standard. At dapat rin kayo magparehistro sa GS1 para sa barcode dahil yan ay requirement ngayon kung ibebenta nyo sa supermarket, groceries, or mall.<br><br>Tsaka isa pa, syempre huhugasan nyo yan, | po sa right angle sa wall, hindi po yun naka-right angle, naka-cove po. Nire-review naman po talaga sa PRDP na compliant po mga project. Thank you po. |

| | |
|---|---|
| dapat malinis yung tubig nyo, dapat purified. Alam nyo kung bakit? Sa MIMAROPA lahat ng tubig natin galing sa well, marumi lahat. Ang taas ng mineral content nyan. Pinakamataas ay sa Occidental Mindoro tsaka sa Oriental Mindoro. Lahat ng project namin dyan na food processing sa Marinduque, binigyan naming lahat ng water purification system dahil nakita naming na napakataas ng mineral content ng tubig sa MIMAROPA.<br><br>Siguro ang suggestion ko kung yan ay nakalagay na sa proposal, punta kayo sa DTI at sabihin nyo yung requirements para maging packaged processed product yan ay naaayon sa requirements ng FDA. Para talagang nag-start, nag-process, at nag-produce ay talagang tanggap lahat yan ng supermarket and for export. | |
| RED Valera (DTI): Clarify ko lang kung separate building ba tong swine meat processing facility and trading store with storage from the infrastructure? Tatlong different buildings po bai to? | Daisy Nazarrea (I-REAP): Sir yung dalawang building po ay magka-hiwalay. Bale po magka-ibang barangay kasi yung storage po na may store nasa bayan po then yung processing po ay malayo po sa bayan ng Sta. Cruz. |
| RED Valera (DTI): Yung pinakang infra, anong laman po non? | Daisy Nazarrea (I-REAP): Andun po yung mga equipment, mga machines, tools, doon po yung processing ng processed meat. Yung storage po ay sa bayan, magiging store na rin po yun. Bale dun na po yung finished product para malapit po dun sa mga customer, mga target market po. Dun po sa store, nandun po yung refrigerator for storage. |
| Odi (DENR): Itanong ko lang po sa ating proponent kung nag-apply na po sila ng ECC? | Darwin Canlas (SES): Sir may application po sila ng Certificate of Non-Coverage. |
| RED Gerundio (DA): I just want to advice the proponent na tingnan nilang Mabuti yung kanilang marketing, yung kanilang network, yung absorptive capacity nito in the short run, in the long run, para ma-analyze nating mabuti kung magkano ba talaga yung ating produce in the short run and in the long run. | Venchito Murillo (PG): Yes po, noted. |

| | |
|---|---|
| Hindi ko kasi masyadong nakikita eh. | |

RED Joel Valera (DTI) moved for the approval of the project. Lorenzo Suarez (DILG) seconded the motion provided that the proponent group complies with all the requirements, most specifically FDA requirements.

**B. Municipality of Pinamalayan, Oriental Mindoro**

**Title: Concreting and Opening of Brgy. Sta Isabel Farm to Market Road**
**Cost: Php 49,994,600.81**
**Implementing Unit: Municipality of Pinamalayan, Oriental Mindoro**
**Presented by: Mayor Aristeo Baldos, Jr.**
**Mirasol Santos, Municipal Administrator**

| Comments/Issues | Response/Action Taken |
|---|---|
| Suarez (DILG): Barangay road ito diba Mam? | RED Gerundio (DA): Barangay road yun, yes Sir.<br><br>Mayor Baldos (IU): Yes po, barangay road. |
| Suarez (DILG): Mayor so kung barangay road to na nagkaron na ng walang overlapping sa mga provincial and municipal and national roads. | Mayor Baldos (IU): Wala po, wala po Sir. Meron na po, may inventory kami ng roads. |
| Suarez (DILG): Wala po ba na natatamaan na mga ancestral lands? Kung meron man, naayos na po ba yun? Yung necessary permits. | Mayor Baldos (IU): Malayo po sya, wala po syang ancestral land at humingi na rin po kami ng certifications sa barangay captains na ito ay hindi tinamaan ng ancestral land. Pero just the same po, nagpa-add na rin po kami sa NCIP ng certification na ito talaga ay hindi talaga ancestral land. |
| Suarez (DILG): Na-issue-han na po kayo Mayor ng certification, wala pa? | Mayor Baldos (IU): Wala pa po, matagal po yun eh, parang inaabot po ng isang buwan, dalawang buwan. As per other projects, ganon po katagal. |
| RED Valera (DTI): Sir yan ba ay hindi na kasama sa DPWH project? | Mayor Baldos (IU): Hindi po, wala po, hindi po sya kasama. |
| RED Valera (DTI): Kung halimbawa ay idownload na sa inyo ang hinihingi ng LGU under devolution program, dapat nagbababa na specially yung DPWH fund sa mga farm to market at municipal roads. | Mayor Baldos (IU): As far as I know, hindi po. Wala po sya, di po sya kasama. |

| | |
|---|---|
| Hindi naka-identify yan sa kanila? | |
| RED Valera (DTI): Kayo lang talaga magpapagawa para maging accessible yung area? | Mayor Baldos (IU): Yes po. Newly opened road po naming to eh, dirt road. |
| Odi (DENR): Yung land classification po nitong ating road, itong matatahak nito, ano pong land classification nya Sir? AFD or may nahagip pong ano, as based po kasi sa map kanina, it appears to me na parang may timber land but ito po yung gusto naming ma-clarify, kung ano po yung land classification status. | Mayor Baldos (IU): Ito po ay private lands, yung mga nadaanan po ay private lands. |
| Odi (DENR): If possible po sana baka pwede po tayong makahingi ng certification from CENRO as for the status of nong land classification ng matra-traverse po nitong ating proposed concreting ng road. | Mayor Baldos (IU): Yes, we will do that Sir Cesar. |
| Odi (DENR): Namention ko po ito Sir dahil sa Manoot, at dito sa Victoria at Bansod, ay yun po ang unang tanong ng aming butihing director, kung may nasakop bang timberland. Yung tanong ng ating butihing director sa DILG kung may nasakop bang yung sa NCIP or protected areas.<br><br>These are the things na gusto naming ma-clarify para sa information ng aming butihing director. | Mayor Baldos (IU): Noted po, by Monday po gagawin po namin yun. |
| Engr. Tirao (DAR): Usual naman po naming tanong sa DAR is kung mayroon pong nadadaanang agrarian road? | Mayor Baldos (IU): Sir Melvin, so far po wala pong dinaanang lupa na agrarian reform beneficiary pero marami dong beneficiary ng CARP na makikinabang sa road na to. Sa actual traversing, hindi po dinaanan sila pero marami sa paligid na agrarian reform beneficiary, siguro isa po sa magandang nakikita sa programa ay bibigyan po sila namin ng mga secondary roads pag natapos na po itong road na ito. |

RED Joel Valera (DTI) moved for the approval of the project. Lorenzo Suarez (DILG) seconded the motion.

### C. Municipality of Pinamalayan, Oriental Mindoro

**Title: Concreting of Brgy. Del Razon to Brgy. Malaya Farm to Market Road with Bridge**
**Cost: Php 156,856,394.21**
**Implementing Unit: Municipality of Pinamalayan, Oriental Mindoro**
**Presented by: Presented by: Mayor Aristeo Baldos, Jr.**
**Mirasol Santos, Municipal Administrator**

| Comments/Issues | Response/Action Taken |
|---|---|
| Odi (DENR): Just for the record, I would like to reiterate yung concern and suggestion doon sa naunang presentation sa farm to market road din po sa Sta. Isabel. | Mayor Baldos (IU): Noted po Sir Cesar, thank you very much po. |

Lorenzo Suarez (DILG) moved for the approval of the project. Engr. Melvin Tirao (DAR) seconded the motion.

### D. Municipality of Pinamalayan, Oriental Mindoro

**Title: Construction of Pinamalayan Slaughterhouse (AA)**
**Cost: Php 49,999,490.46**
**Implementing Unit: Municipality of Pinamalayan, Oriental Mindoro**
**Presented by: Presented by: Mayor Aristeo Baldos, Jr.**
**Mirasol Santos, Municipal Administrator**

| Comments/Issues | Response/Action Taken |
|---|---|
| RED Valera (DTI): Yang proposal ng Pinamalayan, okay yan. Ilan kaya ang ano dyan, ang alam ko sa Bongabong may malaki ring slaughterhouse eh, di ba? Calapan meron din. Sabagay pwede rin yan sa Pinamalayan kasi first class munisipyo rin yan eh. Pero siguro tanungin natin yung isang Bureau ng DA, kaya lang wala sila dyan eh.<br><br>Pero sa akin okay lang yan kasi isa yan sa malaking munisipyo kasi ang Pinamalayan eh, maraming tao. Para makatulong rin talaga sa munisipyo, para di na lalayo. | Mayor Baldos (IU): Thank you, Sir Joel. |
| RED Gerundio (DA): Ano bang distansya ng Bongabong at tsaka Pinamalayan? | Mayor Baldos (IU): More or less 40 kilometers po. |
| RED Gerundio (DA): Ah malayo na, so okay na. | |

3F, Agricultural Training Institute (ATI) Building, Elliptical Road, Diliman, Quezon City 1101, Philippines
(028) 332-8738 • prdp.rpco4b@gmail.com • www.daprdp.net

| | |
|---|---|
| Wala pa namang ibang malaking slaughterhouse, double A lang rin naman ito. | |
| Odi (DENR): I-clarify ko lang po Sir yung source po ng water. Is it from the well po ba or connected po ba sya sa existing water system po natin? | Mayor Baldos (IU): Deep well po sya Sir Cesar. |
| Odi (DENR): May application na po, or may permit na po from NWRB? | Mayor Baldos (IU): Wala pa po, magse-secure pa lang po kami pag na-approve po itong ating project. |
| Odi (DENR): Coordinate na lang po Sir sa ating CENRO dyan para ma-assist sap ag-secure ng water permit po. | Mayor Baldos (IU): We will do that Sir, thank you very much. |
| Esguerra (RAFC): Very strategic po ang lugar ng Pinamalayan, approve po ako dyan. Ang ano ko lang po dyan ay yung treatment plan po is very crucial sa isang double A or pinapatakbong slaughterhouse. Para hindi naman po masyadong mairita ang ating mga kapitbahayan at lugar na nasa paligid sa barangay, siguraduhin lang po sana yung treatment plan ng mga pinaghugasan ng slaughterhouse. | Mayor Baldos (IU): Yes po, Sir Alfonso. Ito po ay kasama sa program ang water treatment plan natin at we will ensure that kasi ayaw rin po naming na eventually may magrereklamo sa atin dyan sa area. At ayaw rin po namin na magkaroon ng penalty sa DENR. |

Alfonso Esguerra, Jr. (RAFC) moved for the approval of the project. Lorenzo Suarez (DILG) seconded the motion.

**E. Municipality of Mansalay, Oriental Mindoro**

**Title: Construction of Mansalay Slaughterhouse (AA)**
**Cost: Php 50,000,000.00**
**Implementing Unit: Municipality of Mansalay, Oriental Mindoro**
**Presented by: Katherine Anthony, MPMIU**

| Comments/Issues | Response/Action Taken |
|---|---|
| Odi (DENR): Same concern po with the LGU of Pinamalayan, tanong ko lang po yung water source nila. | Engr. Alexis Diama (PPMIU): May existing water system po ang Mansalay so doon po natin yun ico-connect. |

RED Joel Valera (DTI) moved for the approval of the project provided that the implementing unit complies with the environmental permits of DENR. Alfonso Esguerra, Jr. (RAFC) seconded the motion.

IV. Adjournment

There being no other matters to discuss, the business meeting was adjourned at 11:30AM.

Prepared by:

**DANICA A. BRUTAS**
Technical Writer

Noted by:

**ENGR. ANNIELYN DEL ROSARIO**
Deputy Project Director

Approved by:

**ANTONIO G. GERUNDIO, CESO III, DPA**
Regional Executive Director